7'4

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 26, 2009, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-10:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO: nasa lakad opisyal

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

### KAPASIYAHAN BLG. 162-T2009

### KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KAPAHINTULUTAN KAY GNG. TERESITA SJ. ALMARIO, NANUNUPARANG PAMBAYANG INGAT-YAMAN NA LUMAGDA SA LAHAT NG MGA DOKUMENTONG MAY KINALAMAN SA TRANSAKSYON NG PANANALAPI NG BAYAN SA IBA'T-IBANG BANGKO AT PINANSIYAL NA INSTITUSYON.

**SAPAGKA'T,** *may kahilingan ang Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas sa* sangguniang ito na makapagpatibay ng isang kapasiyahang nagbibigay-kapahintulutan kay Gng. Teresita SJ. Almario, Nanunuparang Pambayang Ingat-Yaman na lumagda sa lahat ng mga dokumentong may kinalaman sa transaksyon ng pananalapi ng bayan sa iba't-ibang bangko at pinansiyal na institusyon;

**SAPAGKA'T,** ang naturang kahilingan ay isinagawa ayon sa Regional Special Personnel Order No. 55-09, petsa Hulyo 30, 2009 na inihahalili si Gng. Teresita SJ. Almario kay G. Delfin Alfonso, napatalagang Nanunuparang Ingat-Yaman ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** *lubhang kailangan ang pagtatalaga at pagpapahintulot sa naturang tauhan para* sa gawaing nakatala sa itaas upang hindi maantala ang paglilingkod ng pamahalaang bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapahintulutan si Gng. Teresita SJ. Almario, Nanunuparang Pambayang Ingat-Yaman na lumagda sa lahat ng mga dokumentong may kinalaman sa transaksyon ng pananalapi ng bayan sa iba't-ibang bangko at pinansiyal na institusyon.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Land Bank of the Philippines at Philippine National Bank, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 501-1008 / 808-2788

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
September 8, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 163 - T' 2009 and Kautusan Blg. 19 – T'2009** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor